ontario.ca/abc123

3.0 10 Tip para sa Pagbabasa

Head: 10 Tip upang tulungan ang iyong anak sa pagbabasa

Copy:

Mga Tip para sa Kindergarten hanggang Grade 3

1. **Magtabi kayo at magbasa.** Ang mga tahimik na panahon na magkasama kayo ay mga pagkakataon upang maging malapit...at magbasa. Ang magsama ay maaaring kasing-halaga ng pagbabasa. Gawin itong kasiya-siya: ibahin ang iyong boses o hayaan ang iyong anak na basahin ang bawat makalawang pahina. Habang nagpapatuloy, ipaliwanag ang anumang mga bagong salita o mga kuru-kuro.
2. **Ang mga public library ngayon ay maraming iba't-ibang impormasyon kaya't magpunta nang regular.** Ang iyong library ay may mahusay na mapagkukunan ng impormasyon – mga libro, computer games, DVDs, CDs, mga magazine, mga dyaryo at Internet access. Marami ring mga mahuhusay na in-house na programa tulad ng reading cirles (mga grupo ng mga nagbabasa) para sa mga maliliit na bata at mga homework club para sa mas matatandang bata. Kung mayroon kang access sa isang public library, kausapin ang librarian upang malaman kung ano ang makukuha.
3. **Gawin ang iyong kusina na bahagi ng iyong "reading zone".** Maigi ang may mga fridge magnet upang makapagsimula ang iyong anak na gumawa ng mga salita at mga maiikling pangungusap.
4. **Ang mga salita ay nasa iba't-ibang lugar – gamitin ang mga araw-araw na pagkakataon upang magbasa kasama ng iyong anak.** Ang mundo ng iyong anak ay puno ng mga salita — sa mga cereal box, mga street sign, mga tindahan, mga poster, subway ads, atbp. Saan ka man magpunta, lagi kang makakahanap ng mga bagong salita at ituro sila.
5. **Ang mga laro ay maaaring makapagturo nang mahusay.** Ang board games o card games tulad ng word bingo o memory at rhyming cards ay maaaring maging mahusay na paraan upang matutunan ang mga salita, mga tunog ng letra, at pagbabasa. Maaaari nilang matulungan ang mga batang malaman kung gaano kaigi ang matuto. Tingnan ang school fair o mga segunda-manong tindahan sa iyong lugar para sa mga laruan na hindi gaanong gamít. Makagagawa ka pa ng iyong mga sarili sa pamamagitan ng paggupit ng mga retrato, pagsulat ng mga salita sa mga card; pagkatapos ay hilingin ang iyong anak na pagtugmain sila.
6. **Ang mga computer ay maigi rin upang matutong magbasa!** Bagama't maraming nag-aalala na ang mga bata ay maaaring masyadong matagal sa computer, maraming

mga mahusay na laro na tumutulong sa mga bata na matutong magbasa at nagpapahintulot sa kanilang gumawa ng kanilang mga sariling istorya. Hanapin ang "parent approved" sa packaging sa mga tindahan at sa library. Maghanap ng ilang mga web site na maigi para sa mga bata, tulad ng TVOKids at Canadian Geoillustrated for Kids, na mayroong mga laro na mapaglalaruan ninyo ng inyong anak.

7. **Ang mga libro ay mahusay na mga regalo.** Hilingin ang pamilya at mga kaibigan na magbigay ng libro sa halip ng isang lauran bilang regalo. Siguraduhin sabihin sa kanila ang level ng pagbabasa at kinagugustuhan ng iyong anak. Upang magkaroon ng home library, maghanap ng mga libro na halos bago sa mga garage sale at mga school fair.
8. **Mag-subscribe sa isang magazine.** Walang kapalit ang excitement ng pagtanggap ng mail. Hayaan ang iyong mga anak na mag-subscribe sa kanilang paboritong magazine na aprobado sa kanilang edad at tingnang bumuka ang kanilang mata kapag dumating ang bawat bagong isyu. Kabilang sa mga mahuhusay na magazine para sa mga maliliit na bata ang *Chirp*® at *Chickadee*®.
9. **Maging isang role model sa pagbabasa.** Kapag nakikita ng iyong mga anak na ikaw ay nagbabasa, gagayahin ka nila. Makaraan ang ilang kaunting panahon, malalaman nila na kawili-wili ang pagbabasa, nakakatuwa, at na ito'y isang bagay na ginagawa ng mga taong nasa hustong gulang.
10. **Maigi ang mayroong mga libro, mga magazine, at mga dyaryo sa tabi.** Mag-iwan ng isang kahon sa kusina o sala para madali nila itong makuha kapag gusto nila. So they can just pull them out when they feel like it.

Isang tanging paunawa: Sumasang-ayon ang mga nagtuturo na ang mga kahusayan sa pagbabasa ay nagdidebelop at humuhusay bilang resulta ng maraming iba't-ibang aktibidad. Halimbawa, ang kahusayan ng isang bata sa pagbabasa ay napapahusay kapag ang mga magulang na hindi nagsasalita ng isang opisyal na salita sa Canada ay nagbabasa sa kanilang mga anak sa kanilang sariling wika. Ang mga bata ay magbebenepisyo mula sa ganitong pagbabasa.

Para sa mga karagdagang tip at impormasyon tungkol sa pagtulong sa iyong anak sa pagbabasa, i-download ang Helping Your Child Learn to Read: A Parent's Guide.

© Queen's Printer for Ontario, 2007